Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

20 Hulyo 2020

**Kgg. PROSPERO E. DE VERA**
Tagapangulo
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED)
C.P. Garcia Ave., Unibersidad ng Pilipinas
Diliman, Lungsod Quezon

Mahal na Tagapangulong De Vera:

Magalang naming hinihiling sa inyong tanggapan na maglabas ng Memorandum Pangkagawaran kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2020 na magsisilbing gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang.

Tema
Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika
*Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya*

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Kalakip nitó ang aming mungkahing memorandum para sa isang buwang pagdiriwang. Kung kayó ay may tanong, makipag-ugnayan lámang kay Dr. Jose Evie Duclay telepono bílang 0928-8441349 o sa email na komisyonsawika@gmail.com.

Maraming salamat sa patuloy na pakikiisa at tangkilik sa mga gawaing pangwika ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Lubos na sumasainyo,

**ARTHUR P. CASANOVA, PhD**
Akting Tagapangulo

2/P Gusaling Watson, 1610 Jose P. Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 8736-2525/24;8733-7260; 8243-9855
www.kwf.gov.ph komisyonsawika@gmail.com

SOCOTEC ISO 9001
PAB

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

**KALATAS MULA SA OPISINA NG TAGAPANGULO**

PARA SA: **TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**

**PRESIDENTE/TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD**

PAKSA: **PARTISIPASYON SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020 NA INORGANISA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

PETSA: **24 HULYO 2020**

---

Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1–31 Agosto, ang pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 20-18 na nagtatakda ng temang "Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan, *Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya*" na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

Layunin ng Buwan ng Wika 2020 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at



Higher Education Development Center Building, C.P. Garcia Ave., UP Campus, Diliman, Quezon City, Philippines
Web Site: www.ched.gov.ph Tel. Nos. 441-1177, 385-4391, 441-1169, 441-1149, 441-1170, 441-1216, 392-5296, 441-1220
441-1228, 441-1169, 988-0002, 441-0750, 441-1254, 441-1235, 441-1170, 441-1255, 441-8910, 441-1171, 352-1871

e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa telepono blg. 0928-8441349 o .

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA**
**Tagapangulo**